

# Mga Kalupitan at Krimen ng Militar ng US





tinipong mga artikulo mula sa

ANG Bayan

# PAMBUNGAD

Sa pagpahayag ni GRP President Duterte na magtataguyod siya ng independyenteng patakarang panlabas at itatakwil ang anumang pakikialam ng dayuhang mga gubyerno sa panloob na mga usapin sa bayan, dapat siyang mahigpit na makipag-isa sa mga makabayang pwersa sa pagpukaw sa mamamayang Pilipino mula sa kawalang-ulirat ng kolonyal na mentalidad at tastasin ang halos isang siglo ng propagandang US.

Mabuti na ibinunyag niya ang maitim na kasaysayan ng mga brutalidad ng US sa harap ng ASEAN sa paggunita sa 1906 na masaker sa Bud Dajo, sa pamamagitan ng larawang ipinakita sa harap nila upang kastiguhin ang US.

Dapat ngang alalahanin ng mamamayang Pilipino ang mga kahayupang pinakawalan ng US sa 1899-1913 na gera ng agresyon at kolonyalisasyon sa buong bayan. Tinatayang humigit-kumulang 1.5 milyong Pilipino ang pinatay at namatay sa buong tagal ng kolonyalisasyon. Wala ni isang upisyal ng US ang napanagot sa karumal-dumal na mga krimen. Kailangang magbunsod ng kampanyang pang-edukasyon at pangkultura upang muling pasiglahin ang nasyunalismong Pilipino.

Ayon sa pagdeklara ng gubyernong Duterte na magtataguyod ng independyenteng patakarang panlabas, hinihimok ng PKP ang gubyernong Duterte na gumawa ng hakbang para paalisin ang lahat ng tropang US hindi lang sa Mindanao, kundi sa buong Pilipinas.

Sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ng 2014, nagtayo o nagtatayo ang US ng mga pasilidad sa loob ng mga kampo ng AFP tulad ng Fort Magsaysay sa Nueva Ecija, Basa Air Base sa Pampanga, Antonio Bautista Air Base sa Palawan, Benito Ebuen Air Base sa Mactan at Lumbia Airport sa Cagayan de Oro.

Matagal nang gumagalaw ng lihim ang mga tropang militar at adbayser ng US sa loob ng mga kampo sa Cagayan Valley, Bicol, Samar, Panay, Negros at iba pa. Nananatiling nakaistasyon ang mga tropang US sa Guian, Samar, na hindi na nila iniwan mula nang “tumulong” sila pagkatapos ng superbagyong Yolanda. Marami sa mga sundalong US ay hindi puti upang hindi masyadong halatain.

Mayroon ding mga tinataguriang "rotating troops" sa buong bansa kabilang na sa loob ng Clark Air Base, Subic Naval Base at Villamor Air Base. Libong mga tropang US ang regular na dumadaong sa iba’t ibang pantalan sa bayan para sa "rest and recreation" na nagiging dahilan ng pagdami ng mga kaso ng panggagahasa at pang-

aabuso sa mga kababaihang Pilipino..

Mayroong mga tauhang militar ng US sa loob ng Camp Aguinaldo (punong himpilan ng AFP) gayundin ng mga ahente ng FBI at NYPD sa loob ng Camp Crame (punong himpilan ng PNP). Sa Camp Aguinaldo, nagpapairal ang US ng ekslusibong *compound* na bawal pasukin kahit ng matataas ng heneral ng AFP. Ang nahatulan nang sundalo ng US Navy na si Joseph Scott Pemberton ay nakadetine sa loob ng pasilidad na ito ng US bilang lansakang paglait sa mga batas ng Pilipinas.

Dapat manindigan ang gubyernong Duterte laban sa pagpapalipad ng militar ng US ng *drone* na pagsurbeylans at paglalaglag ng tinaguriang "smart bombs." Dapat humingi si Duterte ng paliwanag sa pangyayari noong Pebrero 2, 2012 kung saan puu-puong sibilyan, kabilang na ang isang lider relihiyoso, ang napatay ng isang "smart bomb" ng US na inihulog sa Parang, Sulu, kung saan unang inianunsyo ng AFP ang “nyutralisasyon” ng sinasabing teroristang si Marwan. Dapat din siyang humingi ng malinaw at kumpletong pagtataya ng lahat ng lihim na operasyong isinagawa sa Sulu, sa iba pang bahagi ng Mindanao, at ng buong bansa.

Maitatatag ang Pilipinas bilang isang walang-kinikilingang bayan kung ipawalambisa ang lahat ng kasunduang gumagapos ng Pilipinas sa US, tulad ng Mutual Defense Treaty of 1951, ang Mutual Logistics Service Agreement (MLSA), ang 1998 Visiting Forces Agreement (VFA) at ang EDCA.

Bilang tulong sa muling pag-aaral at pagpapalaganap ng mga abuso ng militar na US sa Pilipinas at sa ibang bayang may base militar ito, inilalathala ang tinipong na mga artikulo ng Ang Bayan. Ilan sa mga ito ay lumabas bilang serye noong Disyembre 2014 hanggang Enero 21, 2015.

# NILALAMAN

Singilin ang mga krimen ng US
sa gerang Pilipino-Amerikano (1899-1913) 4

Ang digmang agresyon ng US sa Mindanao (1899-1913) 10

Mga kasong kriminal ng tropang US sa ilalim ng US-RP MBA 12

Pilipina, pinaslang ng sundalong Amerikano sa Olongapo 15

Ang pagpatay kay Jennifer at iba pang krimen
ng mga tropang US sa ilalim ng VFA 16

Panagutin ang US at rehimeng Aquino
sa madugong labanan sa Mamasapano 20

Teroristang panghihimasok ng US sa Pilipinas 22

Nasaan na si Meiring? 24

Wakasan ang presensya at panghihimasok-militar
ng US sa Pilipinas 25

Mga karumal-dumal na krimen ng US sa Okinawa 28

Iba pang krimen ng US 31

## Singilin ang mga krimen ng US sa gerang Pilipino-Amerikano (1899-1913)

*Enero 7, 2015*

Pinamunuan ni Gen. Elwell S. Otis, gubernador militar ng US sa Pilipinas (1899-1900), ang unang yugto ng marahas na panunupil sa mamamayang Pilipino. Ginamit ng US Army ang mga taktikang rekonsentrasyon ng mga sibilyan sa mga kampo militar, ang "water cure" sa interogasyon, at kampanyang "scorched earth" kung saan sinusunog ang buu-buong mga komunidad. Hindi lamang ito nangyari sa Batangas at Laguna, laganap din ito sa Bicol, Kabisayaan at ilang bahagi ng Mindanao.

Tinataya ng mga bantog na istoryan na umabot sa 1.4 milyong Pilipino, o mahigit 10% ng populasyon ng Pilipinas noon, ang namatay noong 1899-1905 sa mga unang taon ng gerang Pilipino-Amerikano. Umabot sa 600,000 ang namatay sa Luzon, kabilang ang iniulat ng militar ng US na 300,000 namatay sa Batangas lamang, sa harap ng walang habas na pamamaslang at pandarahas. Hindi pa kabilang dito ang libu-libong mga Moro na pinatay ng mga sundalong Amerikano.

Sa kabila ng superyoridad ng kanilang mga sandata, nabigo ang mga pwersang militar ng US na mabilis na gapiin ang paglaban ng mamamayang Pilipino. Ang brutalidad ng militar ng US ay nag-udyok ng malawak na paglaban. Nagtagal nang halos 15 taon ang armadong rebolusyon ng mamamayang Pilipino gamit lamang ang mga lumang riple, rebolber, itak, punyal, pana, sibat at iba pang katutubong sandata.




***Hamletting.*** *Reconcentrados* ang tawag sa mga kampo militar kung saan pwersahang tinipon ang mga Pilipino. Siksikan ang mga kampong ito kaya laganap ang mga sakit at marami ang nangamatay. Halimbawa, may isang kampo na may er-

ya lamang na mahigit tatlong kilometro ang haba at isa't kalahating kilometro ang lapad para sa 8,000 Pilipino. May ulat din noon na sa pagitan ng Enero hanggang Abril 1902 ay namatay ang 8,350 sa 298,000 na preso sa mga *reconsentrados*.

Ang mga lugar sa labas ng mga *reconsentrados* ay tinatawag na "sona ng libreng pamamaril." Ibig sabihin, ang sinumang makikita sa labas ng kampo na walang sedula ay binabaril. Giit ni General Bell sa isang koresponsal, ginawa niya ang mga kampo para "bigyang-proteksyon" ang mga mapagkaibigang Pilipino mula sa mga "ladrones" o mga magnanakaw (ang bansag sa mga rebolusyonaryo) at "matiyak ang suplay nila ng pagkain" habang tinuturuan umano sila ng sanitasyon.

**"Scorched earth policy."** Sa patakarang pagsunog sa buu-buong mga baryo, bantog na halimbawa ang pag-utos ni Gen. Jacob Smith sa kanyang mga tauhan na "sunugin ang Samar," "Patayin ang lahat ng batang may edad sampu pataas!" at "Huwag hayaang may lumilipad pang kahit isang ibon sa kalawakan!"




*isang kartun sa diyaryong New York Evening Journal na nagsasalarawan ng patakaran ni Gen. Jacob Smith na patayin ang lahat ng may edad 10 pataas.*

Pagganti ito ni General Smith sa matagumpay na reyd ng mga rebolusyonaryo sa ilalim ni Gen. Vicente Lukban laban sa Company C ng 9th US Army Regiment na nakahimpil sa poblasyon ng Balangiga, Eastern Samar noong Setyembre 28, 1901. Sa 74-kataong kumpanyang ito, 48 ang napatay at 26 ang nasugatan. Nakaagaw ang mga rebolusyonaryo ng 100 riple at maraming bala.

Nakaligtas ang ilang sundalong Amerikano nang makasakay sila sa bangka at tumungo sa bayan ng Basey, Samar. Binalikan ni Capt. Edwin V. Bookmiller, kumander ng Company G ang bayan ng Balangiga at sinunog ito hanggang maging abo.

***"Water cure"* at iba pang krimen ng US Army.** Sistematikong ginamit ng mga sundalong Amerikano ang "water cure" at iba pang anyo ng pagtortyur sa mga nabibilanggo nilang Pilipino, sa desperasyong gapiin ang armadong paglaban. Sa isa niyang sulat noong Nobyembre 25, 1900 sa kanyang pamilya sa US, isinasalaysay ni Sgt. Charles S. Riley na: "... Tinipon ang presidente (alkalde), ang pari, at isa pang nangungunang lalaki, at sila ay inimbestigahan. Iniwasan ng presidente ang ibang tanong, at hindi nagtagal, siya ay ginapos at ginamitan ng *water cure*. Pinatihaya siya sa ilalim ng isang tangke ng tubig habang dumadaloy ang tubig sa kanyang bunganga. Isang lalaki naman ang nakaupo sa kanyang tiyan para hindi siya malunod. Nagmakaawa ang presidente at nagsalita. Binigyan siya ng ikalawang "water cure" hanggang sa nasabi niya ang buong impormasyong hinahanap sa kanya."



Nabiktima rin ng matinding brutalidad sa kamay ng mga Amerikano ang mamamayan ng Panay. Sa sulat ng isang nagngangalang Mr. Nelson sa Boston Herald noong Agosto 25, 1902, isinalaysay niya ang panununog sa Panay: "... May kwento ng walang pakundangang panununog kaugnay kay General Smith. Nagmartsa ang 18th Regulars mula sa Iloilo sa timog patungong Capiz sa hilaga ng Panay, sa atas na sunugin ang lahat ng bayan na lumalaban. Resulta nito ang paghawan ng lugar na may lawak na 60 milya mula sa isang dulo tungo sa ikalawang dulo." Ibig sabihin, mahigit 96 kilometro-kwadrado ang lawak ng sinunog ng mga sundalong Amerikano.

**Pagsupil sa impormasyon.** Sinupil ni Otis ang lahat ng mga ulat tungkol sa mga taktikang militar para hindi ito makaabot sa anti-imperyalistang mga pahayagan at American Anti-Imperialist League na kinabibilangan ng manunulat na si Mark Twain. Kasabay nito, iniutos ni Otis sa partikular na yunit kumander na baliktarin o iatras ang naunang mga pahayag ng mga sundalo na naiulat sa midya sa US.

Samantala, naglunsad ng kontra-propaganda si Otis. Sa katunayan, aniya, ang "mga bandidong Pilipino" ang siyang nagpapahirap sa mga bihag nilang mga Amerikano.

Pinabulaanan ito ng mga ulat ng ilang mga dayuhang reporter at mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross (ICRC) tulad ni F.A. Blake.

Nang dumating sa Maynila si Blake para imbestigahan ang mga kaso ng karahasan, ikinulong siya ni Otis sa kanyang upisina sa Maynila. Minsan, nang makakalas si Blake sa eskort niyang militar ay nakita niya ang sinunog na mga bahay, ang pinagtatagang mga bangkay ng mga Pilipino—biyak ang kanilang mga tiyan, at ang iba'y pugot na. Ikinwento ito ni Blake sa isang Amerikanong reporter nang makabalik siya sa San Francisco, California, USA.

## Ang digmang agresyon ng US sa Mindanao (1899-1913)

*Enero 21, 2015 (unang lumabas noong Marso, 2002)*

Upang makapagkonsentra ng kanilang pwersa sa Luzon at Visayas, nilinlang ng mga kolonyalistang Amerikano ang Sultan ng Sulu at pinapirma siya sa Bates Agreement ng 1899 na nagdedeklara ng soberanya ng US sa mga isla ng Jo-lo. Nang magapi ang malaking bahagi ng rebolusyonaryong paglaban sa Luzon, makaisang panig na ibinasura ng US noong 1904 ang kasunduan at nagdeklara ng todo-gera sa Mindanao.

Nagpamalas ng buong katapangan ang mga mandirigmang Moro at mamamayan ng Mindanao sa paglaban sa mga tropang Amerikano. Dahil sa mas malakas at maraming armas, nasugpo ng mga sundalong Amerikano ang pakikibaka ngunit dumanas din sila ng malalaking pagkatalo. Bilang ganti, buu-buong mga komunidad ang minasaker ng mga tropang US. Tampok sa mga ito ang sumusunod:



*larawan ng mga tropang Amerikano at pinaslang nilang mga Moro sa Bud Bagsak*

**Masaker sa Bud Dajo.** Umabot sa 900 ang namatay sa tatlong araw na pagsalakay ng mga Amerikano sa bukana ng bulkan ng Bud Dajo, Jolo, na pinagkublihan ng mga lumalabang Tausug noong Marso 5-7, 1906. Tadtad ng bala ang maraming namatay kasama na ang mga bata at kababaihan. Ayon sa mga nakakita sa mga bangkay, marami rito ang may mahigit sa 50 tama. Anim na lalaki lamang ang nabuhay. Walang laban ang mga Tausug na armado lamang ng kris, sibat at ilang riple sa lakas-militar ng mga tropa ng US na suportado pa ng mga kanyon ng mga tropang nabal. Ibinilin ni Gen. Leonard Wood sa dalawang batalyong pinamunuan niya na patayin o hulihin ang mga Tausug. (Si General Wood ay naging *governor-general* ng Pilipinas mula 1921-27). Sa panig ng mga tropang Amerikano, 21 patay at 75 sugatan ang naitala.

**Masaker sa Bud Bagsak.** Nagtrinsera ang mamamayan ng Lati, Jolo mula Enero hanggang Hunyo 1913 sa matitibay na kuta sa mga bundok ng Jolo. Sunud-sunod na sinugod ng mga tropa ng US ang mga kuta hanggang sa Mt. Bagsak. Noong Hunyo 11, 1913, iniutos ni Gen. John Pershing ang pag-atake sa kuta. Umabot sa 2,000 ang namatay kasama ang 196 kababaihan at 340 bata. Bagamat nabunyag ito sa midya at tinuligsa ng mamamayang Amerikano, hindi naparusahan si Pershing.

**Masaker sa Talipao.** Tinutulan ng mga mamamayan ng Talipao, Jolo ang pagbabayad ng buwis sa US gaya ng sedula at *toll* sa paggamit ng kalsada. Nagtrinsera sila sa Mt. Talipao at noong Agosto 13, 1913 ay sinalakay at tinalo sila ng mga tropang Amerikano. Ito ang naging huling mayor na paglaban ng mga Moro at idineklara ng US na tapos na ang digmaan sa Mindanao.

## Mga kasong kriminal ng tropang US sa ilalim ng US-RP MBA

*Disyembre 21, 2014*

Mula sa pamamaril at pambubugbog hanggang sa prostitusyon at pagtatapon ng mga nakakalasong kemikal ng kanilang mga barkong pandigma, mahaba ang listahan ng mga krimen at pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano sa bansa nang umiiral pa ang US-RP Military Bases Agreement (MBA).

**Pagpatay at pamamaril.** Nakapagtala ng 30 kaso ng pagpatay sa mga sibilyan na kinasangkutan ng mga sundalong Amerikano bago umalis ang mga base militar ng US noong 1992. Ilan lamang sa mga insidenteng ito ang sumusunod:

Pinatay noong 1968 ni Kenneth Smith, isang US Marine, si Rogelio Gonzales, isang tagalinis ng sapatos. Binaril si Gonzales malapit sa tarangkahan ng Sangley Point sa Cavite sa paratang na nagnakaw ito ng bisikleta.

Napatay din noong 1969 ng sundalong Amerikanong si Michael Moomey si Glicer Amor, isang empleyado ng base, habang umiinom ito sa isang sapa malapit sa Subic Bay. Sinabi ni Moomey na napagkamalan daw niya itong baboy damo. Inabswelto ng militar ng US si Moomey at agad pinauwi sa US.

Noong 1964, binaril sa likod ng sundalong US na si Larry Cole si Rogelio Balagtas, 16 anyos, habang namumulot ito ng mga basyo ng bala sa isang *target range* sa Clark Airfield. Ikinatwiran ng mga awtoridad ng US na ang batang binaril ay sangkot daw sa tangkang pambobomba ng isang eskwelahan ng mga Amerikano sa loob ng Clark.

Dalawang linggo lang matapos ito, pinatay ng mga tropa ng US na sina James A. Edwards at James B. Thomas si Gonzalo Villedo habang nangingisda ito kasama ang kanyang kapatid sa Subic Bay.

Binaril hanggang sa mapatay ng sundalong Amerikano ang isang Pilipino nang lumapit ito sa tore ng radyo sa Clark.

**Pambubugbog.** Dalawang US Marines ang nambugbog sa limang manggagawa sa Clark noong 1970. Matapos silang hingan ng ID ay basta na lamang sila pinagsisipa at pinagsusuntok ng mga sundalo.

Binugbog din ng dalawang sundalong Amerikano ang isang lalaking naglilinis ng damo sa bakuran ng Clark. Tinakpan ang kanyang bibig at sinipa, na ikinasira ng kanyang ngipin. Nangyari uli ang pambubugbog noong hapon nang makasalubong niya ang 18 sundalo na halinhinang gumulpi sa kanya.

Samantala, isang sibilyan din na nakatira malapit sa base ang tinalian at ipinaka-

ladkad sa kabayo.

**Pagdukot at tangkang reyp.** Isang babae ang dinukot at pinagtangkaang gahasain nina Ronald McDaniel, Cecil Moore, Bernard Williams at Hiawatha R. Lane noong 1970. Ang mga sundalo ay kabilang sa Gestapo Unit sa Clark Airfield, Pampanga na pinamumunuan ni Col. Averil Holman. May hiwalay din na pambubugbog ang anim na tauhan ni Holman sa mga sibilyan na empleyado ng Clark, at pambabastos sa dalawang babae.

**Talamak na prostitusyon.** Tumindi ang prostitusyon sa mga base ng US sa mga syudad ng Olongapo at Angeles noong dekada 1980. Umabot sa 60,000 babae ang nasadlak sa prostitusyon (kabilang ang 20,000 menor de edad). Naitala ang 3,274 na kaso ng karahasan sa kababaihan na kinasangkutan ng mga sundalong Amerikano. Labinlima sa mga pang-aabuso ay sa mga menor de edad, at lahat ng kaso ay ibinasura.

Noong 1983, labing-walong menor de edad ang nagkaroon ng AIDS dahil sa prostitusyon. Noong 1990, isang 18-buwang sanggol ang nahawaan ng sakit na gonorrhea (sakit na nakukuha sa pakikipagtalik) matapos siya abusuhin kasama ang kanyang ina ng tatlong sundalong Amerikano sa isang apartment sa Subic.

Noong 1987, sa Subic, namatay si Rosario Baluyot, isang 12 anyos na batang babae matapos magkaroon ng impeksyon ang kanyang ari matapos maiwan sa loob ang isang bahagi ng "vibrator" na ipinasak ni Heinrich Stefan Ritter. Nakulong si Ritter nang ilang taon subalit pinalaya din matapos pawalansala ng korte.

Isang US serviceman na nagngangalang Larry Venaska ang patagong umalis sa bansa matapos sampahan ng kasong reyp ng isang Pilipina noong 1992.

**Paninira ng kalikasan at buhay.** Bukod sa paglapastangan sa kababaihan, binaboy din ng mga tropa ng US ang kalikasan ng Pilipinas. Itinambak ng US Marines at US Air Force ang kanilang mga nakakalasong kemikal tulad ng *asbestos, mercury, zinc,* mga pestisidyo, *petrochemicals* at iba pa sa Subic at Clark.

Noong 1991, tinatayang 20,000 pamilya ang naapektuhan dahil ginawa nilang tirahan ang mga lugar na inabandona ng mga sundalo sa Clark. Nakaranas ang ilan ng pananakit ng sikmura, sakit sa balat, pagkahilo at pagkamatay ng mga sanggol sa sinapupunan.

Noong 2000, umabot sa 100 ang namatay dahil sa pagkakalason. Pinakatampok na kaso ang nangyari noong 2000 sa 6-taong gulang na si Crizel Jane Valencia na namatay sa *leukemia* dahil kontaminado ng mercury ang tubig na kanyang nainom sa CABCOM (Clark Airbase Command).

Sa halip na magbigay ng naaayon na danyos batay sa kasunduan ng Pilipinas at US, kakarampot na halaga ang ibinigay ng gubyerno ng US sa Pilipinas na katumbas lamang ng $17 milyon o 1% ng pondo para sa "domestic base cleanup" o paglilinis ng mga base militar sa loob ng US.

## Pilipina, pinaslang ng sundalong Amerikano sa Olongapo

*Oktubre 21, 2014*

Si Jennifer Laude, 26 anyos, ay pinatay ni Pvt. 1st Class Joseph Scott Pemberton, isang elemento ng US Marine Corps na kabilang sa 3,000 sundalo ng US Marines at US Navy na lumahok sa katatapos lamang na Balikatan Exercises na ginanap sa Palawan at Zambales. Nasa Olongapo noon ang mga tropang Amerikano para magliwaliw.

Si Jennifer ay isang *transgender,* o lalaking mayroong identidad at kinikilalang babae. Nagkakilala sila ni Pemberton sa isang *disco house* at kalaunan ay sabay silang pumunta sa isang malapit na motel. Di nagtagal ay natagpuang patay si Laude sa loob ng motel ilang minuto matapos makitang umalis si Pemberton.

Sinampahan na ng pulisya ng Olongapo City ng kasong *murder* si Pemberton noong Oktubre 16, subalit nananatili pa rin siya sa loob ng barkong USS Peleliu sa halip na madetine sa isang kulungan sa Pilipinas. Ito ay dahil nakasaad sa VFA na mananatili sa kustodiya ng US ang isang sundalong Amerikanong akusado ng krimen sa Pilipinas.

Matingkad sa kasaysayan ang pagbabalewala ng US sa soberanya ng Pilipinas, laluna pagdating sa mga nagkakasalang sundalong Amerikano. Sa bawat pagkakataon ay pinagtatakpan din ng reaksyunaryong gubyerno ang mga kriminal na tropa ng amo nitong imperyalista.

Maliban kay "Nicole", isa pang Pilipinang nagngangalang "Vanessa" ang ginahasa rin noong Abril 2009 ng isang US Marine na nakatalaga sa Joint US Military Assistance Group. Ang panggagahasa, na isinagawa sa isang hotel sa Makati ay napatunayan ng mga medico-legal na ulat. Gayunpaman, hindi na nagsampa ng kaso si "Vanessa" dahil nangamba siyang magagaya lamang kay "Nicole," na hindi rin nakakuha ng katarungan. Kaaabswelto lamang ni Lance Corporal Smith isang buwan bago gahasain si "Vanessa."

Marami ring kinasangkutang kaso ng panggugulo at pambabastos sa kababaihan ang mga tauhang militar ng US sa Zamboanga City mula nang itayo rito ang himpilan ng Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P) noong 2002. Lumaganap din ang prostitusyon sa Zamboanga at Olongapo mula nang dumalas ang pagdaong ng mga barko de gera ng US sa Pilipinas.

## Ang pagpatay kay Jennifer at iba pang krimen ng mga tropang US sa ilalim ng VFA

*Disyembre 7, 2014*

Dahil sa VFA, nakaliligtas ang mga sundalong Amerikano na nasasangkot sa iba't ibang mga karumal-dumal na krimen at iba pang paglabag sa mga lokal na batas. Kagaya sa maraming kaso sa nakaraan, ang sundalong Amerikano na pinagsususpetsahang pumatay kay Laude ay nananatiling nasa ilalim ng awtoridad ng militar ng US at hindi maisailalim sa independyenteng imbestigasyon ng lokal na pulisya.

### Mga krimen laban sa mga indibidwal

1) Panggagahasa ni Lance Corporal Daniel Smith kay "Nicole," na noo'y 28 taong gulang, habang sinusulsulan ng tatlo pang sundalong Amerikano (Lance Corporal Dominic Duplantis, Keith Silkwood at Staff Sergeant Chad Carpentier) sa Olongapo, Zambales noong Nobyembre 1, 2005. Hinatulang nagkasala si Smith noong Disyembre 2006 at pinatawan ng 40 taong pagkakakulong. Sa buong panahon ng paglilitis, hindi binitiwan ng gubyernong US ang kustodiya kay Smith. Kahit nang mahatulan, sapilitang kinuha si Smith ng US embassy at doon "ikinulong." Hindi tinantanan ng US ang pamilya ni "Nicole" hangga't hindi nito binabago ang kanyang testimonya. Noong 2009, mabilis na inilabas ng US sa bansa si Smith matapos bawiin ni "Nicole" ang kanyang salaysay at baliktarin ng korte ang naunang hatol na maysala si Smith.



2) Pambubugbog ni Master Sergeant Steve Saunders sa reporter ng DZRH na si Henry Araneta noong maagang bahagi ng 2007 sa isang restawran sa Maguindanao. May daladalang baril si Saunders sa kabila ng *election gun ban* na nakapataw noong panahong iyon.

3) Pambubugbog noong Marso 2000 kay Marcelo Batestil, isang drayber ng taxi sa Cebu City, ng tatlong sundalong Amerikano. Ang tatlong sundalo ay kaagad na inilipad pabalik sa US matapos ang insidente.

**Mga krimen sa loob ng mga kampo at/o habang isinasagawa ang mga "pinagsanib na pagsasanay" at "misyong makatao"**

1) Pagkamatay ni Bizma Juhan, 50, residente ng Indanan, Sulu matapos siya tamaan ng shrapnel mula sa M203 habang nagsasagawa ng *livefire exercises* ang mga sundalong Amerikano noong Setyembre 2006.

2) Pagbaril ng mga sundalong Amerikano kay Arsid Baharun noong Hunyo 21, 2004 habang naglalakad siya sa sakahan na ginamit ng mga Amerikano na "firing range" sa Zamboanga City. Para patahimikin, binayaran ng US ang pamilya ni Baharun ng P50,000.

3) Pagkamatay noong Agosto 2004 ni Sardiya Abu Calderon, 54, matapos siyang atakehin sa puso dahil sa biglaang paglapag ng helikopter na may lulang mga sundalong Amerikano at Pilipino sa kanyang sakahan sa Manarapan, North Cotabato.

4) Pagkamatay ni Gregan Cardeño sa loob ng baraks ng mga tropang US sa Camp Ranao, Marawi City noong Pebrero 2, 2010. Nagsilbing tagasalin para sa mga sundalong US si Cardeño. Pinalabas ng US at AFP na nagpakamatay si Cardeño pero hindi ito pinaniwalaan ng kanyang pamilya. Sa imbestigasyon, tinulungan ni Capt. Javier Ignacio ang pamilyang Cardeño. Noong Marso 25, binaril ng mga nakamotor na lalaki si Ignacio habang papunta siya sa istasyon ng pulis para magbigay ng pormal na salaysay kaugnay sa kaso.

5) Pananakot at panggugulo ng mga sundalong Amerikano, sa pamumuno ng isang M/Sgt Ronburg, sa Panamao District Hospital sa Sulu noong Nobyembre 20,

2007. Ipinataw ng mga sundalong Amerikano ang curfew sa lugar at nagbantang babarilin ang sinumang nasa loob ng ospital lagpas sa alas-6 ng gabi. Isang buwang ipinatupad ang gayong paghihigpit habang nasa lugar ang mga tropang Amerikano na nagtayo ng himpilan sa tabi ng ospital.

**Pagpaslang ng mga sibilyan sa mga operasyong kombat at paniktik kasama ang AFP**

1) Walang patumanggang pambobomba sa Barangay Tee, Datu Piang, Maguindanao noong Setyembre 8, 2008 kung saan di bababa sa anim na sibilyan ang napatay.

2) Walang patumanggang pamamaril ng magkasanib na pwersa ng AFP at militar ng US sa Ipil, Maimbung, Sulu na nagresulta sa pagmasaker sa walong sibilyan ng mga tropa, kabilang ang dalawang bata at isang buntis noong Pebrero 4, 2008. Nakita ni Sandrawina Wahid, byuda ng biktimang si Ibnol Wahid, ang mga sundalong Amerikano sa barkong pinagdalhan ng mga bangkay ng mga napatay, kabilang ang kanyang asawa. Ang mga umatakeng tropa ay kabilang sa Light Reaction Company na direktang sinanay ng mga tropang US.

3) Mga insidente ng pambobomba sa Butian Marsh, Maguindanao noong Enero 2005 at Nobyembre 2004 na nagresulta sa di-mabilang na kaswalting sibilyan.

4) Reyd sa diumano'y kuta ng Abu Sayyaf sa Barangay Sipangkot, Umapoy Island, Tawi-tawi noong Mayo 25, 2004 na nagresulta sa pagkamatay ng magkakapatid na sina Ulong Malla, Jumadil Malla at Ibrahim Malla. Ayon sa mga saksi, di bababa sa apat na sundalong Amerikano ang kasama ng mga nag-ooperasyong sundalo at pulis.

5) Pamamaril ng sundalong Amerikanong si Sgt. Reggie Lane kay Buyong-buyong Isnijal sa Barangay Kanas, Tuburan, Sulu noong Huyo 25, 2002. Kinumpirma ni Dr. Julius Cesar Aguila, isang doktor na gumamot kay Isnijal, na isa si Sergeant

Lane sa mga sundalong nagdala kay Isnijal sa ospital. Personal na kilala ni Dr. Aguila si Lane dahil nakasama niya ito sa ilang “medical mission” na inilunsad ng mga sundalong Amerikano sa Lamitan, Basilan. Namatay si Isnijal sa ospital. Noong 2004, pinatay si Dr. Aguila nang walang malinaw na motibo at walang kinilalang suspek.

**Iba pang mga krimen**

1) Pagwasak ng USS Guardian noong 2013 sa Tubbataha Reef, isang protektadong lugar sa karagatan ng Sulu. Mahigit 2,300 metro kwadrado ng mga coral reef ang nasira na tinatayang hindi maibabalik sa dating kalagayan sa loob ng 250 taon.

2) Pagtambak ng nakalalasong kemikal mula sa MT Glenn Guardian sa Subic Bay noong 2012.

## Panagutin ang US at rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano

*Pebrero 7, 2015*

Dapat magkaisa ang lahat ng sektor para panagutin ang gubyernong US at ang rehimeng Aquino sa madugong labanan sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25 na nagresulta sa pagpatay sa 44 na tauhan ng Philippine National Police-Special Action Force (PNP-SAF), 18 mga mandirigmang Moro at pitong sibilyan.

Ang pagsalakay sa mga sibilyan at madugong sagupaan ay bahagi ng pagpapatupad ng Operation Plan (Oplan) Wolverine, isang plano para patayin sina Zulkifli Bin Hir alyas Marwan at Abdul Basit Usman, mga upisyal diumano ng Jemaah Islamiyah at kapwa kabilang sa "US terrorist list." May kabuuang $9 milyong gantimpala ang ipinatong ng US State Department sa ulo ng dalawa.

Ang pagtugis kina Marwan ay bahagi ng mga operasyong asasinasyon o pagdukot ng rehimeng Obama laban sa mga taong binansagan nitong terorista. Maraming pagkakataong isinasagawa ito sa ibang mga bansa nang wala man lamang paalam o pahintulot ng mga gubyerno roon. Bukod sa nilalapastangan nito ang soberanya ng mga bansa, taliwas din ito sa prinsipyo ng karampatang proseso at labag sa mga tuntunin ng Pandaigdigang Makataong Batas.

Ang pandaigdigang teroristang gera ng US ay nagbubunsod ng walang katapusan at lalong sumisidhing paggamit ng karahasan laban sa tinagurian ng US na mga "terorista." Karamihan sa mga ito'y umusbong mula sa guho ng gerang pagsaklot ng US, lalu-na sa Middle East, kung saan ginamit ng US ang walang habas na karahasan laban sa buu-buong mga bansa, mga komunidad at mamamayan. Ang iba sa mga ito'y dati ring mga tauhan o aset na sinanay ng US, tulad ng mga nagtatag ng Abu Sayyaf. Kaakibat ng gerang terorista ng US ang pang-uudyok ng rasismo at sobinismo sa relihiyon.

Lalo pang pinaiigting ng rehimeng Obama ang mga operasyong asasinasyon laban sa mga tinaguriang kalaban ng US. Walang pakundangan ang paggamit nito ng malalakas na sandatang maramihang pamuksa. Walang pagtatangi sa mga armadong pwersa at sibilyang komunidad. Noong 2012, ginamit ng US ang AFP upang maghulog ng "smart bomb" sa Jolo, Sulu para diumano patayin si Marwan, kahit pa ang tinarget ay sibilyang komunidad, at kabilang sa mga napatay ay mga lider-relihiyoso roon.

Ang Oplan Wolverine ay planong binuo at pinasimunuan ng imperyalistang US. Pi-

nangunahan ng mga ahensyang paniktik ng US na US Central Intelligence Agency at National Security Agency ang pagsubaybay kay Marwan gamit ang mga *drone* at elektronikong surbeylans. Sangkot din ito sa pagpaplano at mismong operasyon sa Mamasapano. Nakita ng mga residente ang ilang dayuhang upisyal na nakasanib sa mga nag-operasyong tropa ng PNP-SAF. Kabilang sa mga bangkay na nakita ng mga residente ay sa isang dayuhang sundalo na dali-daling kinuha ng mga elemento ng US Joint Special Operations Task Force-Philippines na kabilang sa unang dumating sa lugar matapos ang labanan.

Ang Oplan Wolverine ay masugid na ipinatupad ng masunuring papet ng US na si Benigno Aquino III. Asal-aliping hinahayaan ni Aquino ang pagyurak sa soberanya ng Pilipinas sa walang habas na panghihimasok-militar ng US. Inapakan ni Aquino ang nakatataas na kumand ng PNP at pinakilos ang kanyang pinakamatapat na upisyal upang ipambala sa kanyon ang mga tauhan ng PNP-SAF para lusubin ang Mamasapano kahit ito'y moog ng mga armadong kalaban ng gubyernong Aquino.

Ang mga napaslang na elemento ng PNP-SAF ay walang pakundangang isinakripisyo ni Aquino sa altar ng teroristang gera ng kanyang among imperyalista. Alinsunod sa pagsasanay at direksyon ng US, hinalihaw ng mga tropa ng PNP-SAF ang sibilyang komunidad. May mga bahay na walang pakundangang pinaulanan ng bala sa simpleng hinala na doon nakatira ang kanilang mga target na "terorista." Hindi bababa sa pitong sibilyan ang napaslang sa Mamasapano, kabilang ang isang 8-taong gulang na batang babae. Libu-libong residente ang napilitang magbakwit.

Dapat puspusang ilantad ang nagpapatuloy na panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas. Dapat labanan ang lumalawak na presensyang militar ng US sa bansa, at ang lahat ng di-pantay na kasunduang militar sa US na yumuyurak sa soberanya ng Pilipinas at ginagawang sangkalan para sa lumalalang interbensyong militar ng US sa bansa.

## Teroristang panghihimasok ng US sa Pilipinas

*Pebrero 21, 2015*

Mula maagang bahagi ng dekada 2000, dinala ng US ang multo ng "terorismo" sa Pilipinas para bigyang-matwid ang pagpasok at pagpapanatili ng presensya ng mga tropang "kontra-terorista" nito sa bansa. Ang bandidong grupong Abu Sayyaf, na binuo ng dating mga tauhan ng US na lumahok sa subersyon sa Afghanistan, ay iniugnay ng US sa Al Qaeda at iba pang grupong inakusahan nitong nasa likod ng teroristang pag-atake sa New York City noong Setyembre 11, 2001.

Simula 2003, umabot sa 600-900 sundalong Amerikanong nakapailalim sa Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P), isang yunit ng US Pacific Command, ang humimpil sa loob ng Camp Navarro, ang kampo militar ng Western Mindanao Command ng AFP.

Noong Pebrero 2002, nagpadala ang US ng 1,300 tropa sa Basilan sa tabing ng Balikatan 02-1, ang unang pinagsanib na pagsasanay-militar na isinagawa sa Mindanao. Kabilang sa mga ipinadala ng US ang 160 tropa mula sa Joint Special Operations Command (JSOC), ang tinaguriang "pribadong hukbo" ng presidente ng US na ginagamit para sa ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga indibidwal na arbitraryo nitong idineklarang mga terorista at kanilang mga sibilyang tagasuporta.

Ayon sa mga dokumento ng Kongreso ng US, bahagi ng "Operation Balikatan" ang pagsama ng mga dalawa-kataong tim ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong kombat ng piling mga kumpanya ng AFP pero hindi sila magpapailalim sa mga kumand nito. Rumurok ang "Operation Balikatan" noong Hunyo 7, 2002, matapos matunton ng US ang kampo na pinagkukutaan sa Zamboanga ni Abu Sabaya (Aidam Tilao), ang kumander ng Abu Sayyaf na may hawak sa mga biktima.

Sa tabing ng "rescue operations," pinamunuan ng US ang pagsalakay ng mga tropang Pilipino sa naturang kampo gamit ang mga drone nito para sa surbeylans at pang-aatake.

Dalawang linggo matapos ang madugong operasyon na nagresulta sa pagkamatay ng dalawang bihag ng Abu Sayyaf, napatay ng mga operatibang Pilipino si Abu Sabaya habang tumatakas siya sa baybayin ng Zamboanga City. Natunton ng mga operatiba ng US ang lokasyon ni Sabaya, na noo'y may patong nang $5 milyong pabuya ng US, dulot

ng paggamit niya ng isang *satellite phone* na lingid sa kanyang kaalama'y ibinigay ng CIA. Dalawang barko ng US Navy na may lulang mga tim ng Navy Seals, isang sangay ng JSOC, ang umaktong suporta sa operasyon. Idineklara ng US na matagumpay ang "Operation Balikatan" noong Hulyo 2002.

Noong Pebrero 2003, nagpadala ng mas maraming tropa ang militar ng US sa harap ng serye ng pambobomba sa mga sentrong sibilyan noong huling bahagi ng 2002. Pinalabas ng US na iyo'y kagagawan ng Abu Sayyaf. Kabilang sa mga sundalong dinala ng US sa Pilipinas ang mahigit 350 espesyal na operatiba sa Sulu at 450 tropa sa Zamboanga na direktang lumahok sa mga operasyong kombat ng AFP sa lugar.

Ang mga tropang ito ay sinuportahan ng mga barkong pandigma na may lulang 1,000 sundalo mula sa US Marines, 1,300 US Navy, mga attack helicopter at eroplanong pandigma, na estratehikong ipinusisyon sa karagatan ng Sulu. Bukod dito, ipinasok din ng US ang mga gamit-militar nito, kabilang ang mga P-3 *surveillance aircraft* na ginagamit para sa digmaan sa dagat (na wala nang kinalaman sa Abu Sayyaf).

Sa binalangkas na "rules of engagement" sa pagitan ng US at Pilipinas, "di pangkombat" ang papel na gagampanan ng mga sundalong Amerikano sa loob ng mga Pilipinong batalyon. Gayunpaman, may karapatan silang magpaputok kapag pinaputukan, isang sitwasyong sadyang mangyayari sa isang operasyong militar.

Bukod sa matutunog na operasyon ng mga pwersang Amerikano, sangkot din sa mas maliliit pero mas masasaklaw na operasyon ang US sa iba pang bahagi ng Mindanao. Hindi bababa sa 23 ang dokumentadong kaso ng hayagang paglahok ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong kombat ng AFP sa Basilan, Sulu, Tawi-tawi, Sultan Kudarat, Zamboanga at Maguindanao mula 2002 hanggang 2008 pa lamang. Marami sa mga operasyong ito, na inilunsad laban sa Moro Islamic Liberation Front, ay nagresulta sa pagkamatay ng mga sibilyan at pagkawasak ng kanilang mga komunidad.

Noong Abril 2008, namataan ang mga tropang Amerikano sa isang *tactical command outpost* ng AFP sa Barangay Ngan, Compostela, Compostela Valley. Nagbibigay sila noon ng suportang teknikal sa mga nagmamaniobrang tropa ng AFP laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa lugar.

Mula 2010, ilan pang kaso ng direktang panghihimasok ng US ang nabunyag. Kabilang dito ang pagbibigay-direksyon at *combat support* sa mga tropa ng AFP sa tinaguriang Zamboanga Siege noong Setyembre 2013 at ang nauna nang tangkang pagpatay kina Marwan gamit ang mga "smart bombs" noong Pebrero 2012 sa Jolo, Sulu.

## Nasaan na si Meiring?

*Pebrero 21, 2015*

Noong Mayo 2002, hinuli ng mga pulis sa Davao City si Michael Terrence Meiring, isang aktibong ahente ng US Central Intelligence Agency (CIA), matapos aksidenteng sumabog ang ginagawa niyang bomba sa loob ng kanyang kwarto sa Evergreen Hotel sa naturang syudad.

Taliwas sa kanyang paliwanag na hinagisan siya ng granada, natagpuan ng mga pulis ang dalawang bakal na kahon na naglalaman ng mga eksplosibo sa loob ng kanyang kwarto at mga ID na nagpapakilala sa kanya bilang myembro ng Moro National Liberation Front (MNLF). Sampung taon nang pabalik-balik si Meiring sa Pilipinas. Noong 1992, ipinailalim siya sa National Bureau of Investigation sa Maynila.

Pinaniwalaang balak ni Meiring na pasabugin ang hotel noong araw na iyon para lumikha ng teroristang isterya sa Davao at ibaling ang sisi sa MNLF at iba pang grupong Moro. Sa panahong ito nagaganap ang Balikatan 02-1, na sa simula ay nakalimita sa isla ng Basilan. (Sinaklaw nito kinalaunan ang Zamboanga, nang matunton ng US si Abu Sabaya.)

Inihahanda pa lamang ng pulis ang pagkakaso sa kanya nang biglaan siyang kunin ng mga ahente ng US National Security Agency at ng Federal Bureau of Investigation sa ospital na pinagdalhan sa kanya matapos ang "aksidente." Dali-dali siyang iniuwi ng naturang mga ahente sa US sa kabila ng *warrant of arrest* at pagbabawal sa kanya na lumabas ng bansa. Noong 2004, natunton siya ng isang istasyon ng telebisyon sa Houston, Texas kung saan maaliwalas siyang namumuhay, gamit ang apelyidong Van de Meer, kasama ang kanyang asawa.

## Wakasan ang presensya at panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas

*Oktubre 21, 2014*

Kaisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mamamayang Pilipino sa mariing pagtuligsa sa brutal na pagpatay ng isang sundalong Amerikano sa isang Pilipina sa Olongapo City noong Oktubre 12.

Sinusuportahan ng PKP at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang pamilya at mga kaibigan ng biktimang si Jennifer Laude sa kanilang mga hakbangin upang matamo ang katarungan. Puspusan ang hangarin ng sambayanang Pilipino na makamit ang hustisya para kay Jennifer, para sa lahat ng tulad niyang biktima ng krimen ng mga sundalong Amerikano at para sa buong bayan sa nagpapatuloy na paglapastangan sa kanyang kalayaan.

Sinusuportahan ng PKP ang kahilingan ng sambayanang Pilipino na isailalim sa kustodiya ng Pilipinas ang isinasakdal na sundalong Amerikano. Dapat nilang puspusang igiit ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement (VFA). Ang VFA ay isang tagibang na kasunduan na nagsasaad na mananatili sa militar ng US ang kustodiya sa mga Amerikanong sundalong isinakdal sa mga kasong kriminal sa Pilipinas.

Inaalis ng VFA ang soberanong karapatan ng isang estado na ipailalim sa kapangyarihan nito ang sinumang dapat iharap sa paglilitis. Isang malaking insulto sa mamamayang Pilipino na ipagkait sa kanila ng gubyernong US ang kapangyarihang ito. Pwede man hingin ng gubyerno ng Pilipinas ang kustodiya, nasa kapasyahan pa rin ng gubyernong US kung ibibigay ito o hindi!

Si Jennifer ang pinakahuli lamang sa napakahaba nang listahan ng mga Pilipinong biktima ng iba't ibang krimen ng mga sundalong Amerikano at militar ng US sa Pilipinas. Sa mahigit isandaang taon nang kolonisasyon, neokolonyal na paghahari at panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas, patung-patong na ang mga kaso ng pagpatay, panggagahasa, pagmasaker, pagnanakaw at pandarambong.

Ang pagpatay kay Jennifer ay nagpapaalala sa sambayanang Pilipino kung papaano pinuksa ng imperyalismong US ang buhay ng 700,000 Pilipino sa gerang agresyon noong 1899-1902. Aabot pa sa 800,000 Pilipino ang pinatay ng mga sundalong Amerikano sa gera ng panunupil upang gapiin ang armadong rebolusyon para sa pambansang paglaya hanggang noong 1916. Walang kahit isang sundalo o upisyal ng US ang napanagot sa mga krimeng ito. Wala ring sundalo o upisyal ng US ang napanagot sa Subic *rape*

*case* noong 2005 at iba't ibang mga kaso ng pagpatay, paglapastangan, pamamaril, pambubugbog, pananakot at iba pa.

Asahan nang lalo pang darami ang mga krimen ng mga sundalong Amerikano na katulad ng pagpatay kay Jennifer dahil sa pinirmahan ng rehimeng Aquino at gubyernong US na Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Sa ilalim ng EDCA, lalo pang darami ang mga sundalong Amerikano na papasok sa bansa at mag-iistasyon sa itatayo nilang mga base at pasilidad sa tinaguriang mga "Agreed Locations"—mga lugar sa saklaw ng mga base militar ng AFP.

Ang pagpirma ni Aquino sa EDCA ang pinakahuli lamang niyang akto ng pangangayupapa sa kapangyarihan ng militar ng US. Sa ilalim ng rehimeng Aquino, dumami taun-taon ang mga barko at eroplanong pandigma ng US na pinahintulutang pumasok, maglayag, dumaong at maglunsad ng iba't ibang operasyon sa loob ng teritoryo ng Pilipinas sa ngalan ng "magkasanib na ehersisyong militar" o kaya'y "rest and recreation" at "pagkuha ng suplay" ng mga pwersang Amerikano. Libu-libong tropang Amerikano ang taun-tao'y pumapasok sa bansa.

Kung tutuusin, ang papet na rehimeng Aquino ang lumikha ng sitwasyong humantong sa krimen ng pagpatay kay Jennifer. Saan man naroroon ang mga sundalong Amerikano, laganap ang prostitusyon at dekadenteng pamumuhay.

Pinatay si Jennifer sa panahong ginugunita ang ika-70 taon ng panunumbalik ng militar ng imperyalismong US upang muling saklutin ang Pilipinas. Sa tinaguriang Leyte Landing, sinalakay ng US ang Pilipinas upang muli itong sakupin, matapos lumisan ang mga pwersa nitong ginapi noong 1942 ng sumalakay na pwersang militar ng imperyalismong Japan. Ang Leyte Landing (o ang tinaguriang pagbabalik ni Gen. Douglas MacArthur) ang ikalawang pagkakataon na inagaw ng US ang kalayaan ng Pilipinas mula sa mga Pilipino.

Sa tuwing pumapasok ito sa teritoryo ng Pilipinas, inaangkin ng militar ng US ang pribilehiyo ng pinakamakapangyarihang armadong pwersa sa buong mundo. Ang militar ng US ang nagtatakda kung kailan at saan sila papasok, saan at hanggang kailan sila dadaong, kung ano ang mga sandata na kanilang dadalhin, kung ilang sundalo ang kanilang ipapakat at kung anong mga operasyon ang kanilang ilulunsad.

Dala ng bawat sundalong Amerikano ang imperyalistang kahambugan ng kanilang hepeng si Barack Obama na nagdeklara kamakailan na "we are the indispensable nation." (Tayo ang bansang lubos na kinakailangan) Saan man sila mapadpad, nag-aasal-amo ang mga armadong tropang Amerikano na dapat silang pagsilbihan ng kanilang mga

“kaibigan.” Sa Afghanistan man o sa Iraq, sa Pakistan o Pilipinas, kaliwa’t kanan ang mga krimen ng mga sundalong Amerikano at pagyurak sa soberanya at integridad ng mga bansang kanilang pinapasok.

## Mga karumal-dumal na krimen ng US sa Okinawa

*Pebrero 7, 2015*

Isa sa mga lugar kung saan masinsin ang mga karumal-dumal na krimeng kinasasangkutan ng mga sundalong Amerikano ang Okinawa, Japan. Mayroon dito ngayong 32 base militar ang US na sumasakop sa 20% ng kalupaan ng Okinawa. Narito rin ang kalahati sa 50,000 tropa ng US na nakadeploy sa Japan.

Pitong dekada nang inookupa ng militar ng US ang Okinawa. Sinimulan itong sakupin noong 1945 matapos matalo ng US ang Japan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Naging marahas ang pananakop ng US at ang pagtatayo ng mga base militar sa Okinawa. Noong 1953, nagpataw ang US ng batas na nagbigay-pahintulot sa US na agawin ang lupa at idemolis ang mga tahanan ng libu-libong Okinawan upang maitayo ang mga base militar dito. Ang ibang magsasaka ay boluntaryong lumisan matapos pangakuan ng lupa sa Bolivia at pinansyal na ayuda. Pero marami sa kanila ang nangamatay lamang sa mga gubat na pinagtapunan sa kanila at walang natanggap na ayuda.

Matapos maagaw ng US ang Okinawa ay nanatili ito sa kontrol ng militar ng US sa loob ng 27 taon. Ibinalik ito ng US sa saklaw ng Japan noong 1972, kapalit ng pagpayag ng gubyernong Hapon sa pananatili ng mga pwersang militar ng US sa Okinawa. Nanatili rin sa militar ng US ang kustodiya at paglilitis sa mga nagkakasalang sundalong Amerikano.

Mula 1945 hanggang 2000 pa lamang, umabot na sa 5,000 krimen na kinasasangkutan ng mga tropa ng US ang naitatala, kabilang ang 110 kaso ng panggagahasa.

Sa loob lamang ng anim na buwan noong 1949, umabot sa 29 na Okinawan ang pinaslang ng mga tropang militar ng US at 18 babae ang ginahasa, kabilang ang isang siyam na buwang gulang na sanggol na babae. Noong Setyembre 1955, isang anim na taong gulang na batang babae ang ginahasa at pinatay ng isang sarhentong Amerikano. Itinapon lamang ang bangkay ng biktima sa isang basurahan.

Sa halos lahat ng kaso ay inaabswelto o kaya napakagaan lamang ng parusang ipinapataw ng mga korte-militar ng US sa mga salarin:

**Marso 1956.** Isang 28-anyos na lalaking tumatawid sa kalsada ang napatay nang sagasaan siya ng isang sundalong Amerikano. Inabswelto ang sundalo.

**Oktubre 1959.** Isang 23-anyos na babae ang namatay nang sakalin siya ng isang sundalo ng US. Tatlong taong pagkakakulong lamang ang sentensya ng US sa salarin.

**Disyembre 1959.** Isang 55-anyos na babae na namumulot ng mga basyo ng bala

ang pinagbabaril hanggang sa mapatay ng isang sarhentong Amerikano. Nagdahilan ang salarin na napagkalaman niyang baboy damo ang biktima. Inabswelto ng korte-militar ng US ang sundalo at nagbayad lamang ang US ng $2,700 sa pamilya ng biktima.

**Setyembre 1961.** Nabundol ng isang sundalong Amerikano ang apat na bata, at dalawa sa kanila ang namatay. Ibinaba lamang nang isang ranggo ang salarin at anim na buwang hindi pinalabas ng baraks.

**Pebrero 1963.** Isang 12-anyos na batang lalaki ang nabundol ng isang sundalong Amerikano. Nagbunsod ng malawakang protesta ang pagkakaabswelto ng korte-militar ng US sa salarin.

**Mayo 1970.** Isang 16-anyos na babae ang binugbog at pinagsasaksak ng isang sundalo ng US. Tatlong taong pagkakakulong lamang ang naging sentensya ng salarin.

**Abril 1971.** Isang 23-anyos na babae ang pinagbabato hanggang sa mapatay ng isang sundalong Amerikano. Inabswelto siya dahil sa "kakulangan ng ebidensya."

Sa Okinawa nagaganap ang isa sa pinakamatataas na tantos ng panggagahasa ng mga tropang Amerikano.

Ang pinakakahindik-hindik na kaso noong dekada 1990 ay ang pagdukot, pambubugbog at panggagahasa ng tatlong elemento ng US Marines sa isang 12-anyos na batang babae noong Setyembre 1995.

Dahil sa lawak at tindi ng galit ng mga Okinawan sa krimeng ito, napilitan ang US na palitan ang umiiral noon na Status of Forces Agreement (SOFA) at payagan ang mga awtoridad ng Japan na hatulan at ikulong ang mga sundalong Amerikanong napapatunayang nanggahasa at pumatay.

Sa kabila nito, wala pa ring humpay ang karahasan at ang panggagahasa ng mga sundalong Amerikano sa mga babaeng Okinawan. Palibhasa'y kabilang sa pinakamakapangyarihang armadong pwersa sa buong mundo, ni hindi man lamang ikinukubli ng mga salaring sundalo ang kanilang mga krimen:

**Hunyo 2001.** Ginahasa ng isang sarhento ng US Air Force ang isang 20-anyos na babae sa *hood* ng isang kotseng nakaparada sa harap mismo ng isang popular na *night club*.

**Mayo 2003.** Isa namang 19-anyos na babae ang matinding binugbog ng isang US Marine at ginahasa sa tabing-kalsada.

**Hulyo 2005.** Isa pang sarhento ng US Air Force ang gumahasa sa isang 10-anyos na batang babae habang papunta ito sa eskwelahan.

**Pebrero 2008.** Ginahasa ng isa pang US Marine ang isang 14-anyos na babae sa

loob ng kanyang kotseng nakaparada malapit sa base militar.

Ayon sa isa pang ulat, halos kalahati ng mga babaeng estudyante sa isang hayskul sa Okinawa ang nagsabing nagkaroon na sila ng "nakakatakot na mga karanasan" sa mga tropa ng US habang sila'y papunta o pauwi mula sa paaralan.

**Iba pang pinsala sa mga sibilyan.** Bukod sa mga kaso ng pagpaslang at panggagahasa, marami na ring aksidente kaugnay ng operasyon ng mga base militar ang kumitil sa buhay ng mga Okinawan o puminsala sa kanila. Sumusunod ang ilan sa pinakamatitingkad:

**Agosto 1948.** Sumabog ang mga bombang ikinakarga ng US Navy sa isang barko. Umabot sa 106 pasaherong nananaog mula sa isang kalapit na ferry boat ang namatay at 76 ang nasugatan.

**Hunyo 1959.** Labimpitong estudyante at guro ang namatay at mahigit 100 ang nasugatan nang bumagsak ang isang eroplanong pandigma ng US Air Force sa isang paaralang elementarya.

**Disyembre 1962.** Pitong sibilyan ang namatay at walo ang nasugatan nang bumagsak ang isang *transport aircraft* ng US sa isang bahay.

**Mayo 1967.** Itinapon ng US Army ang mga *reject* na langis nito sa apat na balon na ginagamit ng mga residente.

**Abril 1975.** Limang tao ang namatay nang sumingaw mula sa Makiminato US Base ang *sexivalent chromium,* isang nakalalasong kemikal.

**Oktubre 1988.** Apat katao ang namatay matapos bumagsak ang isang helikopter ng US malapit sa isang *training field*.

**Nobyembre 1994.** Limang tao ang napatay at nasugatan nang bumagsak ang isang *US military helicopter*.

## Iba pang krimen ng US

*Pebrero 7, 2015*

Saan man masinsin ang presensya ng mga base militar at tropa ng US, laganap ang mga krimen at iba pang pinsalang dinaranas ng mamamayan.

Sa South Korea, sa 50 taon nang pag-iral ng mga base militar ng US dito, humigit-kumulang 100,000 kasong kriminal na ang naitatala na kinasasangkutan ng mga sundalo ng US. Walang kahit isa sa mga salarin ang nahatulan sa ilalim ng batas ng Korea.

Dahil sa paglaganap ng prostitusyon sa mga komunidad sa paligid ng mga base, madalas din ang mga sekswal na krimen.

Noong 2001, isang ale at limang batang babae na edad 12 hanggang 16 anyos ang ginahasa ng mga sundalong Amerikano *(gang rape)* sa mga bayan ng Darwin, Hobart at Perth sa Australia, na pawang dinadaungan ng mga barko de gera ng US.

Walang habas ang paglapastangan ng mga base militar ng US sa kapaligiran. Sa South Korea, natuklasan ng Ministry of Environment na kontaminado ng iba't ibang uri ng basurang nukleyar ang lupa at tubig sa 14 sa 15 dating kampo militar ng US.

Komun na problema ang polusyon sa lahat ng mga pasilidad-militar ng US sa rehiyon ng Asia-Pacific. Kahit aminin man ng US na ang militar nito ang may kagagawan ng polusyon, iginigiit nito na hindi na nito responsibilidad ang paglilinis nito, at pinagkakaitan ang karamihan ng mga biktima ng danyos at pangangalagang medikal.

Sa isla ng Vieques sa Puerto Rico, kung saan mahigit 60% ng kalupaan ay inagaw ng US Navy mula pa noong dekada 1940 para gamitin sa *target practice*, ang malimit na mga pagpapasabog ay naging sanhi ng malawakang pagkamatay ng mga isda, na siyang ikinabubuhay ng mga residente. Natigil lamang ang okupasyong militar ng US sa Vieques noong 2003, matapos ang matinding pagtutol ng mga lokal at dayuhang aktibista.